ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# DISENYO, BALIDASYON, AT KABISAAN NG KAGAMITANG PANTURO HINGGIL SA WASTONG GAMIT NG MGA SALITA AT KATAGA SA FILIPINO

**Kate Maevel E. Camantigue[1], Aurora S. Sion[2]**
[1]*College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University-Siniloan Campus, Philippines*
[2]*College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University- Siniloan Campus, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra17483**
**DOI No: 10.36713/epra17483**

**ABSTRACT**

*This study is about the design, validation, and effectiveness of instructional materials regarding the proper use of words and phrases in Filipino. The study utilized an experimental design and Cluster Sampling in selecting participants. The research aims to determine the design, validation, and effectiveness of instructional materials on correct language use in Filipino based on scores provided by eight teachers specializing in Filipino from Laguna State Polytechnic University, Santa Maria Integrated National High School, Famy Integrated National High School, and Siniloan Integrated National High School, along with the scores obtained from one hundred students (fifty students in the control group and fifty students in the experimental group) from Grade 7 in pre-test and post-test assessments. Findings from this study revealed that the instructional materials developed by the researcher were effective, thus recommending the development of additional materials such as modules for the Filipino subject, which could aid in enhancing student learning. Secondly, the use of modules was found to be effective in student learning, prompting schools to conduct training in module creation for comprehensive understanding and learning. Thirdly, researchers associated with this study discovered the benefits of using modules.*

**KEYWORDS –** *Cogency, Design, Instructional Material, Proper words and phrases, Validation*

## I. PANIMULA

Ang kagamitang panturo ay isa sa pinkaamahalagang instrument sa pagtuturo at sa pagkatuto. Isa ito sa mga kailangan upang mas lalong matuto ang mga mag-aaral. Batay kay Ramirez [1] ang kagamitang panturo ay isang mahalagang papel sa pagtuturo dahil isa ito sa nagsisilbing gabay sa mga paksang pag-aaralan. Ang kagamitang panturo ay isang sandata sa mas lalong pagkatuto at pagpapayabong ng kaalaman. Ito ay ginagamit sa pagtuturo na nagsisilbing gabay at pantulong sa mga guro sa pagbibigay at pagturok ng karunungan sa mga mag-aaral. Dagdag pa sa tinalakay ni Garcia [2] na ang bentahe ng kagamitang panturo ay mas napapadali ang paglalahad ng mga impormasyon lalo't higit sa pagkamit ng layunin at mababago nito ang gampanin ng mga guro patungo sa pagiging positibo at produktibo.

Sa kabila ng kahalagahang dulot ng kagamitang panturo tulad ng modyul, ang mga paaralan ay nagkakaroon pa rin ng pagkukulang sa mga ito. Ayon kay Ramirez [3] sa dami ng mga mag-aaral at sa dami ng kulang na guro sa paaralan, nagkakaroon din ng pagkukulang sa suplay ng mga kagamitang panturo sa mga paaralan. Dagdag pa ni Dela Cruz [4] dahil sa lumalaking bilang ng mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan sa bansa hindi na matugunan ng mga paaralan ang pagkakaroon ng mga libro o modyul bawat isang mag-aaral sa bawat asignatura.

Ang wika ay kakambal ng gramatika. Hindi nga maitatanggi na mas marami pa ang nagkakamali pagdating sa gramatikang Filipino kaysa sa Ingles. Bahagi ng kawastuang pambalarila ang tama ng gamit ng mga salita at kataga sa loob ng pangungusap. Ayon kina Rodriguez et.al sa pag-aaral ni Fundivilla [5], mahalaga ang retorika at balarila sa pagpapahayag. Ang retorika ay isang mahalagang karunungan ng pagpapahayag na tumutukoy sa sining ng kagandahan at kaakit-akit na pagsasalita at pagsulat. Ito ay sining ng maayos na pagpili ng wastong salita sa pagbuo ng pahayag upang maunawaan at mahikayat ang nakikinig o bumabasa. Dagdag pa ni Prof Catalig mula sa pag-aaral ni Fundivilla [6] na ang wastong paggamit ng mga salita at kataga ay tungo sa epektibong pagpapahayag.

Masasabi na maging ang mga nagsisipag-aral ay nagkakamali pa rin sa paggamit ng mga wastong salita. Batay sa inilahad ni Hanuel Kim [7] sa wattpad, kahit professional man o hindi, pasalita man o pasulat ay nagkakamali pa rin sa paggamit ng mga salita at kataga lalo na kapag mayroong kagamitang panturo patungkol dito. Ang kagamitang panturo ay mas lalong magbibigay ng kaliwanagan sa higit pang paghasa sa paggamit ng mga wastong salita at kataga sa Filipino. Ito ay maaring magsilbing hagdanan sa pag-abot ng kawastuan sa paggamit ng mga salita at kataga at ang mga kaalaman na matututunan ay magiging ilaw sa pagpapaunlad ng wikang Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Siguro nga'y hindi ikaaangat ng buhay natin ang pagkabihasa sa wika, ngunit sa pamamagitan nito makikilala at mapauunlad hindi lamang ang ating sarili kundi ang wikang sariling atin na ating maipagmamalaki.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong (1) makabuo ng isang modyul hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga (2) magamit nang wasto ang mga salita at kataga sa pangungusap sa pamamagitan ng kagamitang panturo (3 )makatulong sa mga guro ng baitang pito sa pamamagitan ng dagdag kagamitang panturo (4) mahasa ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng mga salita at kataga (5) malaman ang kasalukuyang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng mga salita at kataga para sa lalo pang pagpapaunlad nito at (6) mabatid ang impluwensya at kahalagahan ng kagamitang panturo sa kaalaman ng mag-aaral hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga.

## III. METODO NG PANANALIKSIK

Ang mananaliksik ay gumamit ng "Pre-test – Post-test Design" at "Experimental Design". Ang mga kalahok ay oobserbahan ng dalawang beses. Una ay sa pagsasagot sa Pre-test at ikalawa ay ang pagsasagot sa Post-test. Ang pagkakaiba ng iskor sa Pre-test at Post-test ay ang magiging resulta. Isang daang (100) mag-aaral at walong (8) guro na may espesyalisasyon sa Filipino ang mga kalahok ng nasabing pag-aaral. "Cluster Sampling" ang ginamit sa pag-aaral na ito. Kung saan walang itinangi ang mananaliksik sa mga mag-aaral na kabilang sa dalawang section na kanyang napili sa magkaibang paaralan. Ang mananaliksik ay gumawa ng dalawang uri ng talatanungan: Paunang pagsusulit (Pre-test) at ang Pangwakas na pagsusulit (Post-test). Unang ipinamahagi ng mananaliksik ang paunang pagsusulit upang malaman ang kasalukuyang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino. Gumawa ang mananaliksik ng kagamitang panturo at ipinavalideyt sa kanyang mga ebalweytor at sa kanyang tagapayo. Matapos ipavalideyt ng mananaliksik ang kagamitang panturo nagsimula na siyang magturo at mamahagi nito.

Sa loob ng limampung minuto tatalakayin ng mananaliksik ang isang aralin, kasunod nito ang pagsasagot ng mga kalahok na kabilang sa control group at matatanggap naman ng experimental group ang aralin na katulad ng itinuturo ng mananaliksik sa control group na kailangan din nilang masagutan.

Ang pagtuturo ng mananaliksik at ang pamamahagi ng kagamitang panturo ay sa magkaparehong oras at araw. Mayroong siyam na aralin ang kagamitang panturo kaya't siyam na araw na nagturo ang mananaliksik at siyam na araw na nakatanggap ng modyul ang mga kalahok sa experimental group. Matapos talakayin at ipamigay ang bawat aralin ng modyul muling nagbigay ang mananaliksik ng pagsusulit, ang Post-test upang malaman kung naging epektibo ba at nagkaroon ba ng kapakinabangan ang ginawang kagamitang panturo para mapataas ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga. Ang mga datos na nakalap ay nilapatan ng angkop na kagamitang pang-istatistika upang malaman ang naging resulta ng pag-aaral.

## IV. RESULTA AT DISKUSYON

**Talahanayan 1.1 Antas ng kalidad ng kagamitang panturo batay sa disenyo**

| Disenyo | *Weighted Mean* | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Angkop ang disenyo ng pabalat sa nilalaman ng modyul. | 4.62 | Lubosna sumasang-ayon | 1 |
| 2. Angkop ang disenyo ng mga pahina sa mga kalahok na gagamit. | 4.37 | Lubos na sumasang-ayon | 4.5 |
| 3. Angkop at kaaya-aya ang mga larawang ginamit sa bawat gawain kaugnay ng akdang isinulat ng mananaliksik. | 4.50 | Lubos na sumasang-ayon | 2.5 |
| 4. Kaaya-aya ang ginamit na graphic organizer at larawan sa nakapaloob sa modyul. | 4.50 | Lubos na sumasang-ayon | 2.5 |
| 5. Ang margin, laki at uri ng titik/font, agwat ng mga titik at salita ay maganda at may kaayusan. | 4.37 | Lubos na sumasang-ayon | 4.5 |
| **Kabuuan** | **4.47** | **Lubos na sumasang-ayon** | |

Pananda: 4.21-5.00 – Lubos na sumasang-ayon, 3.41-4.20 – Higit na sumasang-ayon, 2.61-3.40 – Sumasang- ayon, 1.81-2.60 – Hindi gasinong sumasang-ayon, 1-1.80 – Hindi sumasang-ayon

Malinaw na ayon sa kinalabasan ng resulta na ang mga nagsilbing ebalweytor ng kagamitang panturo hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga ay lubos na sumasang-ayon batay sa disenyo nito. Mahalaga na isaalang-alang natin ang disenyo ng isang modyul dahil minsan hindi ito umuukma sa mga gagamit. Isa pang dahil ay kung ang disenyo ng modyul ang mas nabibigyang diin kaysa sa nilalaman, ang pokus ng mga kalahok ay matutuon na lamang dito. Ang disenyo ng modyul na ito umakma sa mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kalahok at kaaya-aya ang mga larawang ginamit. Ayon kay Chenorman (2017) mahalaga ang disenyo na gagamitin sa isang modyul o libro dahil isa ito sa nagbibigay kagandahan at nagbibigay kulay sa isang likha

**Talahanayan 1.2 Antas ng kalidad ng kagamitang panturo batay sa nilalaman**

| Nilalaman | *Weighted Mean* | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Ang modyul ay kasiya-siyahang basahin at maglulundo sa pagkatuto ng mag-aaral. | 4.87 | Lubosna sumasang-ayon | 1 |
| 2.Nakapagbibigay kaalaman hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino. | 4.75 | Lubos na sumasang-ayon | 2 |
| 3.Nakatutulong sa paggamit nang wastong gramatika at nahahasa ang utka ng bata na gumawa at mag-isip. | 4.62 | Lubos na sumasang-ayon | 3.5 |
| 4. Ang paliwanag sa bawat gawain ng modyul ay madaling maintindihan. | 4.37 | Lubos na sumasang-ayon | 5 |
| 5. Nakapagpapaunlad ng pansariling pagkatuto at magbubusod sa tinatawag na "independent study." | 4.62 | Lubos na sumasang-ayon | 3.5 |
| **Kabuuan** | **4.65** | **Lubos na sumasang-ayon** | |

Pananda: 4.21-5.00 – Lubos na sumasang-ayon, 3.41-4.20 – Higit na sumasang-ayon, 2.61-3.40 – Sumasang- ayon, 1.81-2.60 – Hindi gasinong sumasang-ayon, 1-1.80 – Hindi sumasang-ayon

Malinaw sa kinalabasan ng pag-aaral na ito na ang kagamitang panturo hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga batay sa nilalaman ay lubos na sinasang-ayunan ng mga respondente. Ang nilalaman ng modyul ay hindi lamang makapagpapaunlad sa kaalaman nila sa wastong paggamit ng mga salita at kataga kundi makapaghahatid din ng mga aral sa buhay mula sa mga akdang isinulat ng mananaliksik. Ayon kay Zyle Cho (2018) mahalagang isaalang-alang ang angkop na nilalaman ng isang modyul upang magamit at mapag-aralan ng isang estudyante na makatutulong kanyang sa pag-aaral.

**Talahanayan 1.3 Antas ng kalidad ng kagamitang panturo batay sa panuto at pagtalakay**

| Panuto at pagtalakay | *Weighted Mean* | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Mabilis at madaling unawain ang panuto sa mga gawain hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino. | 4.50 | Lubosna sumasang-ayon | 2.5 |
| 2. Nasusubok ang aspeto sa pagsunod ng mga mag-aaral at kanilang husay sa komprehensyon at pag-unawa. | 4.25 | Lubos na sumasang-ayon | 5 |
| 3. Nasusubok ang masusing pagbabasa upang makasunod at hindi magkamali sa nakasaad na panuto. | 4.50 | Lubos na sumasang-ayon | 2.5 |
| 4. Gumamit ng mga tiyak na salita at payak na pangungusap na madaling unawain. | 4.50 | Lubos na sumasang-ayon | 2.5 |
| 5. Hindi maligoy ang mga pangungusap at nakawiwiling basahin. | 4.50 | Lubos na sumasang-ayon | 2.5 |
| **Kabuuan** | **4.45** | **Lubos na sumasang-ayon** | |

Pananda: 4.21-5.00 – Lubos na sumasang-ayon, 3.41-4.20 – Higit na sumasang-ayon, 2.61-3.40 – Sumasang- ayon, 1.81-2.60 – Hindi gasinong sumasang-ayon, 1-1.80 – Hindi sumasang-ayon

Mapapansin na may pare-parehong ranggo ang bilang isa (1) na mabilis at madaling unawain ang panuto sa mga gawain hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino, ikatlong bilang (3) na nasusubok ang masusing pagbabasa upang makasunod ikaapat na bilang (4) na gumamit ng tiyak na salita at payak na pangungusap na madaling unawain at ikalimang bilang

(5) na hindi maligoy ang mga pangungusap at nakawiwiling basahin na may weighted mean na 4.5 at may berbal na interpretasyon na lubos na sumasang-ayon. Ang ikalawang katanungan (2) na nasusubok ang aspeto sa pagsunod ng mga mag-aaral at kanilang husay sa komprehensyon at pag-unawa na nasa ikalimang ranggo, may weighted mean na 4.25 at may berbal na interpretasyon na lubos na sumasang-ayon.

Sa pag-aaral na ito, ang kabuuan ng weighted mean ay 4.45 at lumalabas na lubos na sumasang-ayon ang mga ebalweytor batay sa panuto at pagtalakay sa ginawang kagamitang panturo ng mananaliksik. Ang panuto na ginamit ng mananaliksik sa ginawa niyang modyul ay mapauunlad ang aspeto ng pagsunod at pagbabasa ng mabuti upang hindi magkamali sa pagsagot at ang pagtalakay naman ay hindi maligoy. Batay kay Araya (2017) mahalagang madaling maunawaan ang pagtalakay sa isang libro dahil ito ang magsisilbing tagubilin, gabay o direksyon sa pag-aaral sa isang particular na aralin at kailangang sundin ang mga panuto sapagkat makatutulong ito sa tama, mas maayos at mas mabilis na paggawa ng mga gawain.

**Talahanayan 1.4 Antas ng kalidad ng kagamitang panturo batay sa pagsasanay at gawain**

| Pagsasanay at gawain | *Weighted Mean* | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Napauunlad ang kasanayan hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga. | 4.50 | Lubosna sumasang-ayon | 4 |
| 2. Nagbibigay daan upang masusing makapag-isip ang mga mag-aaral at mahasa ang kritikal at mapanuring pag-iisip. | 4.75 | Lubos na sumasang-ayon | 1.5 |
| 3. Nasusubok ang kanilang pag-alala, pagsusuri, pagtataya at pagkilala. | 4.50 | Lubos na sumasang-ayon | 4 |
| 4. Ang mga ginawang pagsasanay at gawain ay maaaring magbunsod sa pangmatagalang pagkatuto. | 4.50 | Lubos na sumasang-ayon | 4 |
| 5. Ang mga akdang ginamit sa mga pagsasanay at gawain ay hindi lamang nakapagbibigay kaalaman kundi nakapagbibigay aral sa buhay. | 4.75 | Lubos na sumasang-ayon | 1.5 |
| **Kabuuan** | **4.475** | **Lubos na sumasang-ayon** | |

Pananda: 4.21-5.00 – Lubos na sumasang-ayon, 3.41-4.20 – Higit na sumasang-ayon, 2.61-3.40 – Sumasang- ayon, 1.81-2.60 – Hindi gasinong sumasang-ayon, 1-1.80 – Hindi sumasang-ayon

Ang kabuuang weighted mean ng pag-aaral na ito ay 4.55 na may berbal na interpretasyon na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan na ang mga naging ebalweytor ng kagamitang panturo ay lubos na sumasang-ayon batay sa mga pagsasanay at gawain. Mahalagang bigyang pansin ang pagsasanay at gawain ng isang kagamitang panturo dahil dito masusukat ang kaalaman at malalaman kung may natutunan ba ang mga mag-aaral at mga gagamit nito o wala batay sa pagtalakay ng mga aralin o paksa. Ayon kay Garcia na napapanatili ng kagamitang panturo ang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral nang sa gayon ang mga talakayan partikular na sa mga gawain at pagsasanay ay maging epektibo.

**Talahanayan 1.5 Antas ng kalidad ng kagamitang panturo batay sa kapakinabangan**

| Kapakinabangan | *Weighted Mean* | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Kapaki-pakinabang ang modyul na ito sa mga mag-aaral sa pag-aaral ng wastong paggamit ng mga salita at kataga sa Filipino. | 4.87 | Lubosna sumasang-ayon | 3 |
| 2. Kapaki-pakinabang at malaking tulong sa mga guro sa kanilang pagtuturo hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino ang modyul na ito. | 5 | Lubos na sumasang-ayon | 1 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. Kapaki-pakinabang sa paaralan upang maging dagdag kagamitang panturo ang modyul na ito. | 4.87 | Lubos na sumasang-ayon | 3 |
| 4. Makapagbibigay ng sapat na kaalaman ang modyul na ito sa mga mag-aaral hinggil sa pagtalakay sa wastong gamit ng mga salita at kataga. | 4.75 | Lubos na sumasang-ayon | 5 |
| 5. Makatutulong ang modyul na ito sa pagpapalakas ng pagsulat ng sanaysay at pagbuo ng mga pangungusap matapos malaman ang wastong salita at kataga sa Filipino. | 4.87 | Lubos na sumasang-ayon | 3 |
| **Kabuuan** | **4.87** | **Lubos na sumasang-ayon** | |

Pananda: 4.21-5.00 – Lubos na sumasang-ayon, 3.41-4.20 – Higit na sumasang-ayon, 2.61-3.40 – Sumasang- ayon, 1.81-2.60 – Hindi gasinong sumasang-ayon, 1-1.80 – Hindi sumasang-ayon

Malinaw sa kinalabasan ng resulta na ang mga nagsilbing ebalweytor ng kagamitang panturo hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga ay lubos na sumasang-ayon batay sa kapakinabangan nito. Kailangan na maging kapaki-pakinabang ang modyul upang ito'y maging epektibo. Ang modyul na ito ay isang malaking tulong upang madagdagan ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng mga salita at kataga at bilang dagdag kagamitang panturo. Ayon kay Andre Gantala (2016) ang libro at modyul ay kapaki-pakinabang at kailangan ng mga guro, estudyante, paaralan at iba pa dahill dito natin malalaman ang mga impormasyon na kailangan nating malaman. Batay kay Paragas (2016) mahalaga ang modyul at mga aklat sa mga guro at mag-aaral dahil ito ay naglalaman ng di mapapantayang karunungan ng isa o maraming tao sa iba't ibang larangan ng buhay. Maraming praktikal na impormasyon ang taglay nito, maaaring nakasulat din dito ang mahahalagang simulain sa buhay, mga batas, mga teorya at iba pang mahahalagang katotohanan sa buhay.

**Talahanayan 1.6 Antas ng kalidad ng kagamitang panturo batay sa wastong gramatika**

| Wastong gramatika | *Weighted Mean* | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Wasto ang gramatikang ginamit sa modyul na ito lalo na sa pagbuo ng mga pangungusap at talataan. | 4.75 | Lubosna sumasang-ayon | 4.5 |
| 2. Ang mga ginamit na salita batay sa kahulugan ay angkop sa loob ng pangungusap. | 4.75 | Lubos na sumasang-ayon | 4.5 |
| 3. Ang baybay o ispeling ng mga salita ay tama at ayon sa tunay na kahulugan. | 4.87 | Lubos na sumasang-ayon | 2.5 |
| 4. Ang paggamit ng wastong salita at kataga sa loob ng pangungusap ay isinasaalang-alang sa mga gawain at akdang babasahin. | 4.87 | Lubos na sumasang-ayon | 2.5 |
| 5. Ang mga bantas na ginamit sa bawat pangungusap ay wasto. | 5 | Lubos na sumasang-ayon | 1 |
| **Kabuuan** | **4.85** | **Lubos na sumasang-ayon** | |

Pananda: 4.21-5.00 – Lubos na sumasang-ayon, 3.41-4.20 – Higit na sumasang-ayon, 2.61-3.40 – Sumasang- ayon, 1.81-2.60 – Hindi gasinong sumasang-ayon, 1-1.80 – Hindi sumasang-ayon

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay may kabuuang weighted mean na 4.85 na may berbal na interpretrasyon na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan na ang mga naging ebalweytor ng kagamitang panturo ay lubos na sumasang-ayon batay sa wastong gramatika ng modyul na ito. Ang kawastuan ng gramatika ng modyul na ginawa ng mananaliksik ay nakatulong upang magkaroon ng katibayan ang paksang tinatalakay sa modyul na wastong gamit ng mga salita at kataga. Ayon kina Cruz at Bisa na hinalaw sa pag-aaral ni Minaol (2014) na higit na mabisa at malinaw ang pagpapahayag kung isasaalang-alang ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

wastong gamit ng mga salita at paraan ng paghahanay ng mga salita sa isang pahayag.

**Talahanayan 2** Antas ng kaalaman ng mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino batay sa paunang pagsusulit at pangwakas na pagsusulit

| **Grupo (*Pre-test*)** | ***Mean Score*** | ***Standard Deviation*** | **Berbal na Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| Control | 22.62 | 5.229 | Kasiya-siya |
| Experimental | 27.18 | 5.029 | Higit na kasiya-siya |
| **Grupo (*Post-test*)** | ***Mean Score*** | ***Standard Deviation*** | **Berbal na Interpretasyon** |
| Control | 29.02 | 4.905 | Higit na kasiya-siya |
| Experimental | 42.04 | 1.442 | Lubos na kasiya-siya |

Ang talahanayan bilang 2 ay naglalahad ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) batay sa paunang pagsusulit at pangwakas na pagsusulit. Upang matukoy ang antas ng kaalaman ng dalawang grupo ang mananaliksik ay gumamit ng istadistikong panukat na Mean at Standard Deviation.

Batay sa nakalahad na datos, ipinapakita na kasiya-siya ang paunang pagsusulit ng Control na group base nakuhang mean score na 22.62 at standard deviation na 5.229 at naging higit na kasiya-siya ang pangwakas na pagsusulit base sa mean score na 29.02 at standard deviation na 4.905, samantalang ang Experimental group ay may berbal na interpretasyon sa paunang pagsusulit na higit na kasiya-siya base sa nakuhang mean score nito na 27.18 at standard deviation na 5.029 at naging lubos na kasiya-siya ang pangwakas na pagsusulit batay sa nakuhang mean score na 42.04 at standard deviation na 1.442.

Lumalabas na naging epektibo ang kagamitang panturo na ginawa ng mananaliksik. Hindi naman nagkakalayo ang iskor na nakuha ng dalawang grupo pagdating sa paunang pagsusulit dahil lahat naman sila ay may alam na sa paksang ito. Makikita na malaki ang itinaas ng experimental group dahil mas naaaral nila ng sarilinan ang modyul na ibinahagi sa kanila kaysa sa control group. Ang pagtuturo ng mananaliksik sa mga control group at sa pag-aaral at pagbabasa ng mga experimental group sa modyul ay magkatulad lamang ang oras, kaya't ipinapakita nito na mas tumatatak sa mga mag-aaral ang kanilang pinag-aaralan kung kabilang sila sa pagtuklas ng mga kaalaman kaysa guro lamang ang siyang may hawak ng kagamitang panturong gamit sa pagtalakay.

Ayon kay Reddy (2010) *two matched of low achievers were constituted for the purpose of experimental and a control group was also formed in order to assess how far this multimedia based modular approach. The control group was taught traditional lecture method while the experimental group was taught through modular approach. The results showed that the modular approach has more effective than the traditional lecture method in teaching.*

**Talahanayan 3 Makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino batay sa paunang pagsusulit.**

| ***Grupo (Pre-test)*** | ***Test*** | ***Mean Score*** | ***Standard Deviation*** | ***Mean Difference*** | ***T-Value*** | ***P-Value*** | **Relasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Control | | 22.6200 | 5.2290 | | | | |
| | T-test | | | -4.56000 | -23.49 | 0.000 | **May pagkakaiba** |
| Experimental | | 27.1800 | 5.0293 | | | | |

Ang talahanayan bilang 3 ay naglalahad ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino batay sa paunang pagsusulit upang malaman ito ang mananaliksik ay gumamit ng istadistikong panukat na T-test.

Batay sa resulta ng datos, makikita na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino batay sa paunang pagsusulit base sa nakuhang mean score ng control group na 22.6200, nakuhang mean score ng experimental group na 27.1800 at mean difference na -4.56000 na may T-value na -23.49 at P-Value na 0.000 at sa ganitong resulta ang null hypothesis ay hindi tanggap.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na bago ang aplikasyon ng pagtuturo at pagbibigay ng modyul, ang mga kalahok ay may kaunting kaalaman patungkol sa wastong gamit ng mga salita at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kataga at ang kaunting kaalamang iyon ay nagpapatunay sa kanilang nakuhang iskor kung saan ang mga paksa ay naituro na sa kanila sa mga nagdaang taon ng kanilang pag-aaral sa Filipino. Maaaring mas sineryoso at mas nagbigay tuon sa pagsusulit ng mga mag-aaral na kabilang sa Experimental group kaysa sa Control group at dahil sila ay sadyang marurunong kaya madali nilang natandaan ang tuntunin sa paggamit ng mga salita at kataga.

Base na nakuhang resullta ang pag-aaral ay may pagkakaiba sa pag-aaral ni Tuala (2015) *which stated that the students perform well in pre-performance for them to upgrade themselves through reviewing their past lessons covered by examination; otherwise, their post-performance under the retention test approved quite satisfying since the retention test aims to gauge the level of learning that the students were able to recall across the valid topics discussed to them.* Sinalungat naman ito sa pag-aaral ni Pedron (2016) *that the students performed well after the implementation of the treatment; his study reveals that their scores in post-test were higher than the pre-test scores.*

**Talahanayan 3.1 Makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino batay sa pangwakas na pagsusulit.**

| **Grupo *(Pre-test)*** | ***Test*** | ***Mean Score*** | ***Standard Deviation*** | ***Mean Difference*** | ***T-Value*** | ***P-Value*** | **Relasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Control | T-test | 29.0200 | 4.9052 | -13.020 | -20.1 | 0.000 | **May pagkakaiba** |
| Experimental | | 42.0400 | 1.4422 | | | | |

Ang talahanayan bilang 3.1 ay naglalahad ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino batay sa pangwakas na pagsusulit at upang malaman ito ng mananaliksik ay gumamit ng istadistikong panukat na T-test.

Batay sa resulta ng datos ang mean score na nakuha ng control group sa pangwakas na pagsusulit ay 29.0200, standard deviation na 4.9052, samantalang ang nakuhang ang mean score ng experimental group sa pangwakas na pagsusulit ay 42.0400 at standard deviation na 1.4422 at ang kanilang mean difference ay -13.020, T-Value na -20.1 at P-Value na 0.000 na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (control/experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino batay sa pangwakas pagsusulit at ang null hypothesis ay hindi tanggap.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na matapos gawin ang aplikasyon ng pagtuturo at pagbibigay ng modyul makikita na mas mataas ang nakuhang iskor ng experimental group. Maaaring ito ay dahil ang mga mag-aaral sa panahon ngayon ay visual learners na kung saan mas tumatagal ang kanilang pagkatuto kung mayroon silang nakikita at nababasang libro na maaari nilang pag-aralan anumang oras nila gustuhin. Ayon kay Marabillo (2018), isa sa mga mag-aaral ng experimental group na mas lalong naiintindihan ang isang aralin kung ito ay may sariling librong nababasa at naaaral dahil maaari mo pa itong balikan kaysa sa tinuturo ng guro na kailangan mong aralin ang isang paksa gamit lamang ang aspeto ng pakikinig dahil wala kang librong nababasa at nahahawakan. Sinuportahan naman ito sa pag-aaral ni Marie (2015) *affirmed that the modular approach treatment makes the students gained higher scores in the posttest compared to pre-test.*

**Talahanayan 4 Antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga batay sa nakuhang iskor (gain score)**

| **Grupo** | ***Mean Difference*** | ***Test*** | ***T-Value*** | ***P-Value*** | **Relasyon** |
|---|---|---|---|---|---|
| Control Experimental | -8.46000 | T-test | -12.65 | 0.000 | May kaugnayan |

Ang talahanayan bilang 4 ay naglalahad ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga batay sa nakuhang iskor (gain score) at upang malaman ito ang mananaliksik ay gumamit ng istadistikong panukat na Paired T-test.

Batay sa nakalahad na datos ang mean difference ng nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa control at experimental group ay -8.46000, T-Value na -12.65 at P-Value na 0.000 ito ay palatandaan na ang experimental group na binigyan ng modyul ay nakakuha ng mataas na iskor kaysa sa control group na tinuruan ng mananaliksik at ang null hypothesis ay hindi tanggap.

Mas mataas ang nakuhang iskor ng experimental group at nagpapatunay na ang kagamitang panturo na ginawa ng mananaliksik ay magbubunsod sa tinatawag na Independent Study ng mga mag-aaral. Ayon kay Barnes et al. (2000), *investigated that operational of modular approach helped in motivating the student ang they benefited more from this approach.on the whole, it appears that modular learning group*

*perform significantly better than the group taught by traditional method of teaching.*

## V. KONGKLUSYON

Batay sa lumabas na resulta ng pag-aaral na ito ang mananaliksik ay nakabuo ng mga kongklusyon. Batay sa antas ng kalidad ng kagamitang panturo lumabas na may pinakamataas na nakuha ang kapakinabangan ng kagamitang panturo hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga na ginawa ng mananaliksik. Lumabas na kapaki-pakinabang ito hindi lamang sa mga guro at mga mag-aaral kundi maging sa paaralan bilang dagdag kagamitang panturo. Sa antas ng kaalaman ng mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino batay sa paunang pagsusulit at pangwakas na pagsusulit lumabas na mas mataas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral na kabilang sa experimental group mula pa lamang sa paunang pagsusulit, subalit mas lalong tumaas ang nakuha nilang iskor sa pangwakas na pagsusulit. Lumabas na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga sa Filipino batay sa paunang pagsusulit at pangwakas na pagsusulit. Lumabas na may kaugnayan ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral (Control/Experimental) sa wastong gamit ng mga salita at kataga batay sa nakuha nilang iskor (gain score). Sa pag-aaral na ito, lumabas na nagkaroon ng kapakinabangan at kabisaan ang modyul na ginawa ng mananaliksik hinggil sa wastong gamit ng mga salita at kataga.

Batay sa mga natuklasan at konklusyon, nais imungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon; (1) Gumawa ng mga dagdag na kagamitang panturo tulad ng modyul na ginawa ng mananaliksik sa asignaturang Filipino na magagamit ng mga mag-aaral dahil makatutulong ito sa pagpapalakas ng kanilang pagkatuto. (2) Ang paggamit ng modyul ay isang kabisaan sa pagkatuto ng mga mag-aaral, ang mga paaralan ay maglayong magsagawa ng mga pagsasanay sa paglikha ng modyul na magagamit sa kanilang pag-aaral para sa lubos na pag-unawa sa aralin at pagkatuto. (3) Ang mga mananaliksik na may kaugnayan sa ganitong pag-aaral ay tumuklas pa ng mga kapakinabangang taglay sa paggamit ng modyul. (4) Dahil lumabas sa pag-aaral na mabisang gamitin ang modyul na ito kung kaya't iminumungkahi ng mananaliksik na magamit ito ng mga guro sa paksang aralin kaugnay sa wastong gamit ng mga salita at kataga.

## VI. SANGGUNIAN

1. *Ramirez, C. (2014). Kagamitang panturo na ginagamit sa pagtuturo ng Grade 7 sa kurikulum ng K-12 sa paaralan ng Jamorawon National High School Retrieved from https://www.academia.edu/33952258/FINAL_THESIS*
2. *Garcia, M. (2014). Kagamitang Pampagtuturo. Retrieved from https://www.scribd.com/document/*
3. *Dela Cruz, A. (2017). Epekto ng Kakulangan ng gamit sa SHS. Retrieved from https://www.angelaydelacruz.blogspot.com/*
4. *Fundivilla, J. (2017). Kabatiran at Kasanayan ng mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Edukasyon sa Pagtuturo sa Wastong Gamit ng mga Salita at Kataga sa Filipino: Di lathalang tesis. Laguna State Polytechnic University, Siniloan Campus.*
5. *Kim, Hanuel. (2014). Wastong gamit ng mga kataga at salita. Retrieved fromhttps://www.wattpad.com/485748370-wastong-gamit-kataga-at-salita-wastong-gamit*
6. *Chenorman. (2017). Kahalagahan ng disenyo. Retrieved fromhttps://www.brainly.com.ph/question/1525000*
7. *Cho, Z. (2018). Kahalagahan ng nilalaman ng aklat. Retrieved from https://brainly.ph/question/13003*
8. *Araya. (2017). Kahalagahan ng mga panuto. Retrieved from https://www.brainly.com.ph/question/89725*
9. *Garcia, M. (2014). Kagamitang Pampagtuturo. Retrieved from https://www.scribd.com/document/*
10. *Gantala, A. (2016). Kapakinabangan ng Kagamitang Panturo. Retrieved from https://brainly.ph*
11. *Minaol, J. (2014). Ang Gramatika at Retorika. Retrieved from https://prezi.com/m/0shbedkdmiea/ang-gramatika-at-ang-retorika*
12. *Virtudez, A. G. (2016). Utilization of Module in Learning Selected Topics in Science of Intermediate Pupils in K-12 Curriculum in Public School in Liliw, Laguna: Di lathalang tesis. Laguna State Polytechnic University, Siniloan Campus.*
13. *Pedron, J. (2016). Utilization of Scientific Calculator: Di lathalang tesis. Laguna State Polytechnic University, Siniloan Campus.*
14. *Marabillo. (2018). Personal Communication [Personal Interview].*